## ARALIN 5: PAGLIKHA NG DISENYO SA PAGGAWA NG LIKHANG-SINING NA TATLONG DIMENSYONAL (PAPER BEADS)

**INAASAHAN:**

A. Naiisa-isa ang paglikha ng disenyo sa paggawa ng likhang sining na tatlong dimensyonal.
B. Napahahalagahan ang paraan ng paglikha ng disenyo sa paggawa ng mga likhang sining na tatlong dimensyonal.
C. Nakasusunod sa tamang hakbang sa paglikha ng disenyo ng mga likhang sining na tatlong dimensyonal.

## BALIK-TANAW

Ano ang mga kagamitan sa paggawa ng mobile? Ano-ano ang hakbang sa paggawa nito?

## MAIKLING PAGPAPAKILALA NG ARALIN




Katulad ng *mobile*, ang ***paperbeads*** ay halimbawa din ng 3-dimensyonal. Maaari din itong gamitin na pangdekorasyon sa katawan o sa bahay  at nagpapaunlad din ito ng kakayanan at pagiging malikhain ng isang tao.  Ang paggawa ng ***paper beads*** ay nagsimula sa England noong Victorian Era. Ito ay karaniwang sama-samang ginagawa ng kababaihan noon. Ngayon, ang paper beads ay isa nang industriya sa bansang Uganda. Ito ay isa sa mga proyektong isinusulong ng pamahalaan ng Uganda upang labanan ang kahirapan at mabigyan ng oportunidad ang mga mamamayan sa pandaigdigang kalakalan. Sa bansang Pilipinas, nagkaroon na rin ng industriya ng paggawa ng paper beads. Karaniwan itong ginagamit na pandekorasyon o kaya naman ay kwintas o pulseras. Ang paggawa ng ***paper beads*** ay nakakatulong upang magamit muli ang mga lumang papel o magazine bilang panibagong kagamitan. Nalilinang nito ang pagiging malikhain ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng paggawa ng iba't ibang disenyo mula dito.

## GAWAIN 1

**Kagamitan:** Mga lumang magazine o colored paper, pandikit, gunting, lapis,ruler, straw o toothpick at tali.

Hakbang sa paggawa


1, Ihanda ang mga kagamitan

2.Gumuhit ng mahabang tatsulok sa ibat-ibang kulay ng papel o magazine gamit ang ruler at lapis





3, Gupitin ang mga hugis tatsulok






4, Ibalot sa straw ang ginupit na mahabang tatsulok.Higpitan ito.




5. Lagyan ng pandikit ang dulo.




6. Gumawa ng maraming beads, gamit ang iba-ibang kulay ng magazine o papel.



7. Kumuha ng tali, isukat sa kamay-bracelet.



8. Lagyan ng tape ang magkabilang dulo ng tali. Isuot ang beads sa tali.



*Kung may gadget at internet panoorin sa youtube
**https://www.youtube.com/watch?v=6j8o4jn25Rw**

**Panuto:** Suriin ang inyong likhang-sining at lapatan ng kaakibat na puntos gamit ang rubrik.

| Pamantayan | Nakasunod sa pamantayan nang higit sa inaasahan (3) | Nakasunod sa pamantayan subalit may ilang pagkukulang (2) | Hindi nakasunod sa pamantayan (1) |
|---|---|---|---|
| 1. Nakagawa ako ng orihinal na disenyo. | | | |
| 2. Nasunod ko nang tama ang pamamaraan sa paggawa. | | | |
| 3. Naipakita ko ang kahusayan sa paggawa. | | | |

## PAG-ALAM SA MGA NATUTUHAN

- ✓ Ano ang magandang dulot ng paggawa ng paper beads?

## SANGGUNIAN

Grade 5 ARTS, Learner's Material. Pages 75 – 76
Batayang Aklat ng Halinang Umawit at Gumuhit 5, pah.152-161
**https://www.youtube.com/watch?v=6j8o4jn25Rw**

## SUSI SA PAGWAWASTO

**ASSESSMENT**
**BALIK TANAW**
Ang kasagutan ay batay sa kakayahang taglay ng mag-aaral
**GAWAIN 1**
Ang kasagutan ay batay sa kakayahang taglay ng mag-aaral
**PAG-ALAM SA MGA NATUTUHAN**
Ang kasagutan ay batay sa kakayahang taglay ng mag-aaral

**(This is a Government Property. Not For Sale.)**